**INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)**
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



# Antas Ng Kahirapan ng mga Mag-Aaral sa Pagkatuto ng Idyomatikong Pahayag

**DOI:** https://doi.org/10.5281/zenodo.11544196

**Julie Ann A. Aldivera, MAEd**
Internship Supervisor - STI West Negros University, Bacolod City Philippines
https://orcid.org/0009-0002-3351-3876

**Ma. Leni C. Francisco, Ph.D**
Program Head, STI West Negros University, Bacolod City Philippines
https://orcid.org/0009-0007-2401-1897

**Agnes B. Algara, Ph.D**
Part-time Professor - STI West Negros University, Bacolod City, Philippines
https://orcid.org/0009-0001-0610-6530

**Bayani G. Lacson, MAEd**
Faculty - STI West Negros University, Bacolod City Philippines
https://orcid.org/0009-0004-5428-3760

**Anthony C. Pineda, MAEd**
Head of Student Development Office - STI West Negros University, Bacolod City Philippines
https://orcid.org/0009-0001-6568-3872

**Abstrak:**

Karaniwang ginagamit ang mga idyoma sa pang-araw-araw na komunikasyon ngunit ang pagkatuto ng mga idyoma, bilang isa sa mga uri ng matalinghagang pahayag, ay isang hamon sa mga mag-aaral lalo na sa mga mag-aaral na pangalawang wika o L2 ang wikang Filipino. Bilang pagsunod sa probisyon na nakasaad sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas ng 1987 ay patuloy ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga paaralan na ang isa sa mga tunguhin ay ang makapagtamo ang mga mag-aaral ng katatasan sa paggamit ng wika Filipino. Kaya naman mahalagang matukoy ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyoma at mabigyan ng solusyon ang nakitang mga kahinaan.Nilayon ng pag-aaral na ito na matasa ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag bilang batayan ng pagpapaunlad ng kagamitang pampagtuturo, sa Ika-12 Baitang ng Senior High School mula sa isang unibersidad, sa Lungsod ng Bacolod, sa lalawigan ng Negros Occidental sa Taong Panuruan 2021-2022. Ang mga baryabol na kasangkot sa pag-aaral na ito ay ang kasarian, track, kabuuang buwanang kita ng mga magulang, at pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang ng mga mag-aaral. Ginamitan ng deskriptibo disenyo ang pananaliksik at stratified random sampling upang makuha ang dalawang daan at tatlumpu't walong (238) bilang ng mga mag-aaral na naging tagatugon sa pananaliksik na ito. Talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik, na dumaan sa validity at reliability testing, ang instrumentong ginamit. Deskriptibong at komparatibong iskemang analitikal ang ginamit sa pagsusuri ng mga datos na nakalap, at iprinoseso gamit ang SPSS sa frequency count, percentage, mean, Mann-Whitney U test upang masagot ang mga layunin. Lumabas sa resulta na mababa ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag sa mga erya ng pagkilala, pagpapakahulugan, at paggamit ng idyoma. Mayroong makabuluhang pagkakaiba na umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng idyoma kapag pinangkat at pinaghambing sa baryabol ng kasarian, track, at kabuuang buwanang kita ng mga magulang. Mayroon ding makabuluhang pagkakaiba na umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan at paggamit ng idyoma kapag pinangkat at pinaghambing sa baryabol ng kasarian at track.
Bilang kongklusyon, masasabing hindi pa naaabot ang kabihasaan sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag. Sa huling bahagi ng pananaliksik ay iminungkahing sumailalim sa idiom training ang mga guro sa Filipino upang madagdagan ang kanilang kaalaman hinggil sa mga pagbabagong maaaring gawin sa mga kagamitang pampagtuturo na maaaring gamitin sa pagtuturo ng idyoma.

**Keywords:** Antas ng kahirapan, pagkatuto ng idyomatikong pahayag, pagkilala ng idyoma, pagpapakahulugan ng idyoma, paggamit ng idyoma.

## Introduksiyon:

### Kaligiran ng Pag-aaral

Nakasaad sa K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum 2016 Kagawaran ng Edukasyon, na mula sa mga mababa hanggang sa mga mataas na paaralan ay payayabungin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang

Filipino sa pakikipagtalastasan o diskurso. Maliban sa kaalamang panggramatika ay itinuturo rin ang kasanayan sa masining na pagpapahayag o retorika. Isa sa mga napag-aaralan sa retorika ay ang mga talinghaga. Ayon kay Bernales et al. (2002), kabilang sa matalinghagang salita ang idyoma. Ang idyoma ay ang mga salitang hindi lantad ang kahulugan. Sa pang-araw-araw na pakikisalamuha may mga bagay o kaisipan na nailalahad gamit ang mga idyomatikong pahayag. Ang mga ekspresyong ito ay dapat matutunan kasabay ng mga salita at tuntunin na nagbibigay-daan sa pagbuo ng mga bagong pangungusap at kumakatawan sa isang mahalagang aspekto bilang katutubong kasanayan sa wika (Pawley at Syder ,1983; Sprenger at la Roi, 2019). Higit na madali para sa mga mag-aaral na Tagalog ang unang wika (L1) na unawain ang mga idyoma dahil ito ay inilalahad sa wikang kanilang kinalakihan. Ang mga mag-aaral naman ng pangalawang wika (L2) ay humaharap sa malaking hamon ng pag-unawa at paggamit ng mga idyoma sa mabisang pakikipagtalastasan (Blinova, 2021).

Ang mga mananaliksik, bilang isang guro sa wikang Filipino, ay nasasaksihan ang mga hamon na nararanasan ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga hamong ito ang pagpapakahulugan ng mga idyoma at kung makasalamuha man ng mga idyomatikong pahayag sa mga tekstong kanilang nababasa sa kanilang aklat, hindi na rin ito gaanong binibigyang pansin. Sa kasanayan ng pagsusulat at pagsasalita ng mga mag-aaral ay napansin din ng mga mananaliksik na payak ang paraan ng paglalahad ng kanilang mga kaisipan at ang mga salita ay kulang sa lalim at baryasyon. Sa tuwing bibigyan ng pagkakataon na makagamit ng idyomatikong pahayag sa pagbuo ng isang pangungusap ay halata ang pagdadalawang-isip kung ang kanilang binuong pangungusap ay wasto.

Bilang guro sa asignaturang Filipino, ang mga mananaliksik ay madalas rin na humaharap sa hamon ng pagtuturo ng idyoma. Ang dagdag oras na inilalaan sa muling pagtuturo at pagpapatibay ng bokabularyo (literal at matalinghagang pahayag) sa mag-aaral ay nakababawas sa limitadong oras na nakalaan sa pagtuturo ng iba pang mga kasanayan. Dahil dito, ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag nang mapaunlad ang ilang kagamitang pampagtuturo na maaaring magresulta sa pagtaas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto nito.

## Kaugnay na Literatura

Sa pagbibigay ng higit na liwanag sa paksang ito ng pag-aaral, binigyang pakahulugan ang matalinghagang pahayag. Ang matalinghagang pahayag ay tumutukoy sa pananalita na ang kahulugan ay kaiba sa taglay na literal na kahulugan ng isang salita (Gibbs & Colston, 2012; Galantomos, 2021). Sa mas lumang pananaw ayon kay Makkai ("Teaching Idiomatic Expressions and Phrases: Insights and Techniques," 1972; Hinkel, 2017), ang idyomatikong pahayag ay isang anyo ng pagpapahayag, istrukturang pambalarila, parirala, at iba pa, na kakaiba sa isang wika; isang di-pangkaraniwang pagbuo ng parirala na sinasang-ayunang gamitin sa isang wika, na madalas na kinakikitaan ng kahalagahan maliban sa kahalagahang pambalarila o pagiging lohikal nito.

Sa nabanggit na pagpapakahulugan, masasabing nahahamon ng isang talinghaga ang talino ng isang mambabasa sa pag-unawa nito. Idinagdag pa na may kalamangang dala ang kakayahang makaunawa at makagamit ng talinghaga tulad na lang ng katagumpayan sa leksikal na katumpakan ng mga pahayag na ginagamit sa personal at propesyonal na interaksyong panlipunan (Hoang & Boers, 2018; Galantomos, 2021).

Inilahad ni Sprenger et al. (2019), na umaabot sa daan-daan o higit pa ang mga idyomatikong pahayag. Iminungkahi nila na upang magkaroon ng katatasan at kasanayan sa paggamit nito kailangan na magtaglay ang isang indibidwal ng mga impormasyong matagal nang nakaimbak sa isipan na siyang magagamit niya sa pag-alala ng mga kaugnay na konsepto nito. Idinagdag pa nila na kahit na nga ba tanggap na ang kahalagahan ng mga idyomatikong pahayag, mula sa mga ebidensyang ipinakita ng ilang mga pag-aaral tungkol sa pagkatuto, pagpoproseso, at pagbuo ng mga idyoma, ang kasalukuyang kaalaman tungkol sa pagbuo ng idyoma ay limitado na siyang kasalungat ng kaalaman pagdating sa literal na kahulugan ng mga salita.

Ilan lamang sa mga kilalang idyomatikong pahayag na madalas na naririnig at nababasa sa iba't ibang mga babasahin ang kayod-kalabaw (halos walang tigil sa pagtatrabaho), papatay-patay (mahiyain, babagal-bagal), kapit-tuko (mahigpit at kapit), nakahiga sa salapi (mayaman), may utak (matalino), may gatas pa sa labi (bata pa), at nagsusunog ng kilay (nag-aaral nang mabuti) (Royo et al., 2019). Sa naitalang mga halimbawa ng idyoma, mapapansin na ang literal na kahulugan ng mga salitang ginamit sa mga pahayag ay malayo sa aktwal na kahulugan ng kabuuang idyomatikong pahayag. Ito ang dahilan kung bakit hindi madaling maunawaan ang kahulugan ng mga idyoma. Nagsisilbi itong isang hamon sa mga mag-aaral upang tuluyang maunawaan nang lubos ang kahulugan ng mga idyomatikong pahayag.

Ang resulta sa pananaliksik na isinagawa ni Lu ay sinuportahan ng pananaliksik na isinagawa naman ni Ammel (2021) na nagsasabing naaapektohan ng pansariling interes, motibasyon, at pananaw tungkol sa mga bagay-bagay ang antas ng kanilang kasanayan sa komprehensyon ng mga idyoma. Kahit na sa simpleng pagpili ng track na kanilang papasukan ay pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang interes at motibasyon sa pagkatuto. Lumabas sa istatistikal na pagsusuri na isinagawa ni Pucelj (2018) sa kanyang pag-aaral na mayroon makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasarian at paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa iba't ibang siyentipikong pananaliksik ay mababasang maliban sa kaibahan ng pisikal na kaanyuan ay may pagkakaiba rin ang

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



kapasidad ng pagkatuto ng mga kababaihan at mga kalalakihan. Ito ay nag-uugat sa kanilang biyolohikal at ebolusyonaryong katangian na namamana. At sa pag-aaral na isinagawa ni Adani (2019) ay makikitang mas lamang ang mga kababaihan kaysa mga kalalakihan pagdating sa kakayahang panglinggwistiko.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag bilang batayan ng pagpapaunlad ng kagamitang pampagtuturo, sa Ika-12 Baitang ng Senior High School sa isang unibersidad sa Lungsod ng Bacolod, sa lalawigan ng Negros Occidental sa Taong Panuruan 2021-2022. Nilalayon ng pananaliksik na sagutin ang sumusunod na mga katanungan: 1) antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga idyomatikong pahayag ayon sa sumusunod na mga erya ng pagkilala ng idyoma, pagpapakahulugan ng idyoma, paggamit ng idyoma; 2) antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat ayon sa nabanggit na mga baryabol; 3) Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kung papangkatin at paghahambingin ayon sa mga nabanggit na baryabol.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang teorya, na siyang ginamit na saligan ng mga mananaliksik, sa pag-unawa ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyoma, ay ang Communicative Competence Theory nina Canale at Swain na nailathala noong1980.

Ayon sa teoryang Communicative Competence, ang kakayahang pangkomunikatibo ay nangangailangan ng apat na kasanayan (Canale at Swain, 1980): (a) Gramatikal – kasanayan sa pagbigkas na may wastong balarila; (b) Sosyolinggwistiko – kasanayan sa angkop na pagbigkas; (c) Diskurso – kasanayan sa pagbigkas nang may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay; at (d) Istratedjik – kasanayan sa paggamit ng mga berbal at di-berbal na mga hudyat sa komunikasyon upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan (Dayag & del Rosario, 2017).

Sa teoryang ito naipaliwanag kung paanong lubusang natututo ng pangalawang wika (L2) ang isang indibidwal na hindi lamang nakatutok sa kasanayang gramatikal at bokabularyo. Ang teoryang ito ang nagbigay-linaw sa mga mananaliksik ng kahirapang nararanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyoma na nakalahad sa wikang iba sa kanilang kinalakihang wika at dahil dito ay nagawa ng mga mananaliksik na magbigay ng mga rekomendasyon sa pagpapayabong at pagpapaunlad ng mga kagamitang pampagtuturo ng mga idyomatikong pahayag sa Filipino.

**Metodolohiya**

Sa kabanatang ito tatalakayin ang disenyong ginamit sa pananaliksik, ang mga taong naging sangkot sa isinagawang pag-aaral, ang instrumentong ginamit, ang katumpakan ng instrumentong ginamit sa pagkuha ng datos, pagbibigay puntos sa ginawang pagsubok, ang pagsusuri, at ang pagpapakahulugan sa mga datos na nalikom.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Upang maisagawa ang pag-aaral na ito, napagpasyahan ng mga mananaliksik na gumamit ng deskriptibong disenyo ng pananaliksik. Ang deskriptibong disenyo ng pananaliksik ay ginagamit upang ilarawan ang iba't ibang aspekto ng isang pangyayari o kaganapang hindi lubos na maipaliwanag. Sa ayos na nito, ginagamit ang mapaglarawang pananaliksik upang ilarawan ang mga katangian at/o gawi ng sampol na populasyon (Ethridge, 2004, p.24).

Ang deskriptibong disenyo ng pag-aaral ay angkop sa pananaliksik na ito sa kadahilanang nabigyang-katuparan nito ang layuning alamin ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag sa mga erya ng pagkilala, pagpapakahulugan, at paggamit ng idyomatikong pahayag.

**Mga Taong Kasangkot sa Pag-aaral at "Inclusion Criteria"**

Ang naging tagatugon ng pag-aaral na ito ay nagmula sa Ika-12 Baitang ng Academic Track at Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track ng Senior High School ng sa isang unibersidad sa Lungsod ng Bacolod sa lalawigan ng Negros Occidental sa Taong Panuruan 2021-2022. Sa pagtukoy ng tagatugon ng pananaliksik, gumamit ang mga mananaliksik ng Stratified Random Sampling gamit ang Lottery. Ang stratified random sampling ay isang paraan ng sampling na kinabibilangan ng paghahati ng populasyon sa mas maliliit na sub-group na tinatawag na strata. Sa stratified random sampling, o stratification, ang strata ay nabuo batay sa magkakaparehong katangian ng mga miyembro (Hayes, 2021). Batay sa talahanayan 1, ginamit ng mga mananaliksik ang Cochran upang matukoy ang bilang ng naging mga tagatugon sa pag-aaral na ito. Ang pormyulang Cochran ay angkop gamitin sa mga pag-aaral na kinabibilangan ng malaking populasyon. Binibigyang-daan ng Cochran ang pagkalkula ng naaayong sukat ng sample na naaayon sa nais na antas ng katumpakan, ninanais na confidence level, at ang tinantyang proporsyon ng katangiang nasa populasyon (Bartlett et al., 2001).

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



**Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral**

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan sa pangangalap ng mga datos. Ang talatanungan ay mayroong dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay nakalaan sa paghingi ng pangunahing impormasyon ng mga tagatugon. Ang ikalawang bahagi naman ay nasa anyong pagsusulit na talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik. Binubuo ang talatanungan ng tatlong erya: pagkilala ng idyoma, pagpapakahulugan ng idyoma, at paggamit ng idyoma na mayroong tigsasampung aytem.

**Pamamaraan sa Pangongolekta ng Datos**

Ang sumusunod ay ang detalyadong hakbang at pamamaraan na isinagawa ng mga mananaliksik upang makapangalap ng datos sa pag-aaral na ito. Sa pagsasagawa ng pananaliksik sa "Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Idyomatikong Pahayag," humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Punong-guro ng Senior High School ng unibersidad, sa pamamagitan ng isang liham. Nang nabigyan na ng pahintulot ang mga mananaliksik, ang link para sa talatanungan ay ipinamigay na sa mga tagatugon. Sa pag-access ng link ng mga tagatugon sa kanilang mga gadget ay kanilang nabuksan ang elektronikong talatanungan kung saan sila direktang sasagot.

Pagkatapos na masagutan ang elektronikong talatanungan, nagawa na ng mga mananaliksik na magtali, maghanay, mag-analisa, at magbigay ng karampatang interpretasyon sa mga datos na nalikom. Ginamit ng mga mananaliksik ang Statistical Package for Social Sciences (SPSS) sa pag-encode ng mga nalikom na datos.

**Paraan sa Pagkuha ng Datos**

Ang interbyu ay nirekord gamit ang audio recorder at isinalin lahat. Ang inductive thematic analysis na metodolohiya ang ginamit pati sa mga tema na nakuha mula sa pakikipanayam at isinaalang-alang ang mga sumusunod: *familiarization with data, generation of initial codes, searching for themes, reviewing themes, defining and naming themes at ang pinakahuli ay ang producing the report.* Matapos tukuying ang mga tema, ang mananaliksik ay nagsimulang sumulat ng pinal na ulat.

**Iskemang Analitikal at Istadistikang Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Layunin 1, gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong iskemang analitikal at mean upang matukoy ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral ayon sa sumusunod na mga erya: (a) pagkilala ng idyoma; (b) pagpapakahulugan ng idyoma; at (c) paggamit ng idyoma. Layunin 2, gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong iskemang analitikal at mean upang matukoy ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat ayon sa nabanggit na mga baryabol. Layunin 3, gumamit ang mga mananaliksik ng komparatibong iskemang analitikal at *Mann-Whitney U Test* upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag ayon sa mga nabanggit na baryabol.

**Konsiderasyong Etikal**

Sa pagsasagawa ng pananaliksikna ito, isasaalang-alang ng mga mananaliksik na isagawa ang mga sumusunod: Ipinaalam ng mga mananaliksik sa mga tagatugon ang layunin ng pananaliksik habang isinasaisip na maging sensitibo sa damdamin ng mga tagatugon. Mabigyan nang wastong pagkilala ang akda ng mga may-akdang ginamit sa pananaliksik habang sinisiguradong walang pagnanakaw ng karapatang ari o plagiarism na magaganap. Sinigurado rin ng mga mananaliksik na ang mga pahayag na sipi mula sa sinangguning akda ay nilapatan ng paraphrasing o pagsulat ng impormasyon gamit ang sariling mga kaisipan o salita. Makakuha ng pahintulot na gamitin ang impormasyong nakalap mula sa mga sarbey nang iginagalang ang dignidad, halaga, at pagiging pribado ng mga impormasyong ibinahagi ng mga tagatugon ng pananaliksik na ito.

## PAGSUSURI NG MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

**Talahanayan 1**
Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Erya ng Pagkilala ng Idyoma, Pagpapakahulugan ng Idyoma, at Paggamit ng Idyoma

| Erya | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| A. Pagkilala ng idyoma | 2.76 | Lubhang Mababang Antas |
| B. Pagpapakahulugan ng idyoma | 3.93 | Mababang Antas |
| C. Paggamit ng idyoma | 4.03 | Mababang Antas |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang resulta na nagpapatunay sa kabuuang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyoma sa tatlong erya. Ang erya ng pagkilala ng idyoma ang nakakuha ng pinakamababang *mean* na 2.76 na may interpretasyong lubhang mababang antas ng kahirapan. Ang erya ng pagpapakahulugan ng idyoma ang nakakuha ng *mean* na 3.93 na may interpretasyong mababang antas, at ang erya ng paggamit ng idyoma ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.03 na may interpretasyong mababang antas.

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag sa erya ng paggamit ng idyoma ay pinakamataas na mean datapwa't ang interpretasyon nito ay mababang antas, ito ay nangangahulugan na hindi gaanong nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga idyoma sa pahayag na kanilang naririnig o nababasa dahil pamilyar na sa kanila ang mga idyomang ito at nagagawa nilang gamitin sa ilang pagkakataon na sila ay nakikipagtalastasan bilang resulta na rin ng kanilang *exposure* sa iba't ibang babasahin at panoorin na Wikang Filipino ang gamit. Mahihinuha rin sa resultang ito na kahit na hindi Filipino ang L1 ng mga mag-aaral ay may interes silang matutunan ang Filipino dahil sa ito ang Pambansang Wika na itinuturo sa mga paaralan mula elementarya.

Sinasang-ayunan ito ng pag-aaral na isinagawa ni Truya (2020), na naglahad na ang mga naging tagatugon sa kanyang pag-aaral na mga mag-aaral na iba ang L1 ay nagpakita ng kagustuhang matuto ng L2 sa anumang aspekto at kasanayan na kaugnay nito.

**Talahanayan 2**
*Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Sumusunod na mga Erya ng Pagkilala ng Idyoma, Pagpapakahulugan ng Idyoma, at Paggamit ng Idyoma kapag Pinangkat Ayon sa Baryabol ng Kasarian*

| **Erya** | **Lalaki** | | **Babae** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretasyon** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| A. Pagkilala ng idyoma | 3.35 | Mababang Antas | 2.43 | Lubhang Mababang Antas |
| B. Pagpapakahulugan ng idyoma | 4.56 | Mababang Antas | 3.57 | Mababang Antas |
| C. Paggamit ng idyoma | 4.76 | Mababang Antas | 3.63 | Mababang Antas |

Batay sa resulta sa Talahanayan 2 na nagpapakita ng mga naging sagot ng mga mag-aaral na babae at lalaki na naging tagatugon sa pananaliksik, ang erya ng pagkilala ng idyoma ang nakakuha ng pinakamababang *mean* na 3.35 sa mga kalalakihan, na may interpretasyong mababang antas, samantalang 2.43 na *mean* naman sa mga kababaihan, na may interpretasyon lubhang mababang antas. Ang erya naman ng paggamit ng idyoma ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.76 sa mga kalalakihan, na may interpretasyong mababang antas samantalang may *mean* na 3.63 sa mga kababaihan, na may interpretasyong mababang antas.

Bagama't sa erya ng paggamit ng idyoma parehong nakakuha ng mataas na mean ang mga tagatugon na lalaki at babae, makikitang mas nahihirapan ang mga kalalakihan sa paggamit ng idyoma kaysa mga kababaihan. Kung ikukumpara sa mga kababaihan, mas simple lamang mangusap ang mga kalalakihan. Hindi gaanong nahihilig ang mga kalalakihan sa pagpapaganda o paggamit ng mga makukulay at madamdaming mga pahayag at sa tuwina ay mas pinipili ang maging payak sa kanilang pananalita lalo na kung ang usapan ay nagaganap sa isang natural na konteksto.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral na ginawa ni Sherbini (2014) na nagsasabing ang mga kababaihan ay mas madamdamin pagdating sa pagpapahayag ng mga kaisipan kung ikukumpara sa mga kalalakihan na mas komportable sa pagpapahayag sa direkta at malayuning paraan.

**Talahanayan 3**
Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Sumusunod na mga Erya ng Pagkilala ng Idyoma, Pagpapakahulugan ng Idyoma, at Paggamit ng Idyoma kapag Pinangkat Ayon sa Baryabol ng Track.

| **Erya** | **Academic** | | **TVL** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretasyon** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| A. Pagkilala ng idyoma | 2.48 | Lubhang Mababang Antas | 3.66 | Mababang Antas |
| B. Pagpapakahulugan ng idyoma | 3.68 | Mababang Antas | 4.69 | Mababang Antas |
| C. Paggamit ng idyoma | 3.76 | Mababang Antas | 4.88 | Mababang Antas |

Ayon sa resulta sa Talahanayan 3, sa erya ng pagkilala ng idyoma pawang nakakuha ng pinakamababang *mean* ang mga mag-aaral na kabilang sa *Academic Track* sa *mean* na 2.48, na may interpretasyong lubhang mababang antas, at ang mga mag-aaral sa *TVL Track* ay nakakuha naman ng *mean* na 3.66 na may interpretasyong mababang antas. Sa magkaparehong erya din ng paggamit ng idyoma nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 3.76, na may interpretasyong mababang antas, ang mga mag-aaral na kabilang sa *Academic Track*

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
Volume 1, Issue no. 6 (2024)
ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)



samantalang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.88, na may interpretasyon mababang antas, ang mga mag-aaral na kabilang naman sa *TVL Track*.

Sa resulta ay malinaw na makikita na mas nahihirapan sa paggamit ng idyoma ang mga mag-aaral sa *TVL Track* kaysa mga mag-aaral sa *Academic Track*. Ipinahihiwatig ng resultang ito na bagama't pareho ang mga *competency* na naituro sa kanila mula elementarya hanggang Ika-10 Baitang, mas naging tutok ang mag-aaral na kabilang sa *TVL Track* sa mga asignatura na humahasa ng kanilang kakayahan o *skills* nang sila ay tumuntong sa kanilang *senior high school*. Mas madalas din silang lantad sa pagsulat ng mga teknikal na sulatin, samantalang mas nakatuon naman ang pagsulat at paggamit sa oral na pakikipagtalastasan ang mga mag-aaral ng *Academic Track* sa pagpapaliwanag ng mga teorya, mga konsepto, at mga pilosopiya na humahasa sa kanilang kasanayang pang-akademiko.

Isang pag-aaral na isinagawa ni Lu (2016) ang nagsasabing lubhang mataas ang antas ng kahirapan na nararanasan ng mga mag-aaral ng L2 na kabilang sa *vocational track* pagdating sa pagkatuto ng idyoma. Ang mga L2 na mag-aaral na kanyang naging tagatugon ay itinuturing *minor subject* ang pangalawang wika na kanilang pinag-aaralan kaya naman ang kanilang pokus sa pagkatuto nito ay hindi ganoon kasidhi. Nag-aaral lamang sila ng pangalawang wika dahil ito ay pangangailangan sa kanilang kurso upang sila ay makapagtapos sa kanilang napiling kursong bokasyunal.

**Talahanayan 4**

*Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Sumusunod na mga Erya ng Pagkilala ng Idyoma, Pagpapakahulugan ng Idyoma, at Paggamit ng Idyoma kapag Pinangkat Ayon sa Baryabol ng Kabuuang Buwanang Kita ng mga Magulang*

| **Erya** | **Mababa** | | **Mataas** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretasyon** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| A. Pagkilala ng idyoma | 3.25 | Mababang Antas | 2.35 | Lubhang Mababang Antas |
| B. Pagpapakahulugan ng idyoma | 4.07 | Mababang Antas | 3.80 | Mababang Antas |
| C. Paggamit ng idyoma | 4.15 | Mababang Antas | 3.94 | Mababang Antas |

Malinaw na ipinakikita sa Talahanayan 4 na sa erya ng pagkilala ng idyoma parehong nagkamit ng pinakamababang *mean* na 3.25, na may interpretasyon mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mababang buwanang kita at *mean* na 2.35, na may interpretasyong lubhang mababang antas, naman ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mataas na buwanang kita. Samantala, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mababang kabuuang buwanang kita ay nagkamit ng pinakamataas na *mean* na 4.15, na may interpretasyong mababang antas, sa erya ng paggamit ng idyoma. Sa kaparehong erya din nagkamit ng pinakamataas na mean, na 3.94, na may interpretasyong mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mataas na buwanang kita.

Ipinahihiwatig ng resultang ito na parehong nakararanas ng kahirapan sa paggamit ng idyoma ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay mayroong mababa at mataas na buwanang kita. Ang mga magulang na may mababang buwanang kita ay hindi na nakakayanan pang kumuha ng panibagong tagapagturo (*tutor*), bumili ng karagdagang kagamitan na makatutulong sa pag-aaral ng mga bata katulad ng *cell phone* at *computer*, at maging ang kakayahang makapaglakabay sa ibang lugar, tulad na lamang ng mga lugar na Tagalog ang L1, kung saan maaaring mahasa, sa isang natural na konteksto at kapaligiran, ang kanilang kasanayan sa paggamit ng idyoma, ay hindi na rin nagagawa dahil na rin sa kakulangang pinansyal.

Ayon kay Fauzi (2018), ang paggamit ng mga gadget na katulad ng mga cell phone, at computer ay isang makabagong paraan na makatutulong sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng L2. Dagdag pa ni Alhaysony (2017) na hindi lamang gadget ang nakatutulong sa pagkatuto, malaki rin ang papel na ginagampanan ng natural na konteksto at kapaligiran kung saan maaaring magamit ang idyomang natututunan ng mga mag-aaral. Mas naiintindihan ng mga mag-aaral ang kultural na aspekto ng idyoma at nagagawa nilang maiugnay ang kahulugan ng idyoma sa kanilang unang wika o diyalekto.

**Talahanayan 5**

Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Sumusunod na mga Erya ng Pagkilala ng Idyoma, Pagpapakahulugan ng Idyoma, at Paggamit ng Idyoma kapag Pinangkat Ayon sa Baryabol ng Pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga Magulang

| **Erya** | **Mababa** | | **Mataas** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Interpretasyon** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| A. Pagkilala ng idyoma | 3.33 | Mababang Antas | 2.47 | Lubhang Mababang Antas |
| B. Pagpapakahulugan ng idyoma | 3.84 | Mababang Antas | 3.97 | Mababang Antas |
| C. Paggamit ng idyoma | 3.80 | Mababang Antas | 4.15 | Mababang Antas |

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH
FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Makikita sa Talahanayan 5 na sa parehong erya naman ng pagkilala ng idyoma nakakuha ng pinakamababang *mean* na 3.33, na may interpretasyong mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mababang pinag-aralan at *mean* na 2.47, na may interpretasyon lubhang mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mataas na pinag-aralan. Samantalang sa erya ng pagpapakahulugan ng idyoma nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 3.84, na may interpretasyong mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mababang antas ng pinag-aralan at sa erya naman ng paggamit ng idyoma nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.15, na may interpretasyong mababang antas, ang mga mag-aaral na ang mga magulang ay may mataas na antas ng pinag-aralan.

Batay sa resultang ito, ang mga mag-aaral, na ang mga magulang ay may mataas na pinag-aralan, ay nakararanas ng kahirapan sa paggamit ng idyoma na nakasaad sa wikang Filipino. Maaaring mahinuha mula sa resultang ito na ang mga magulang ng mga mag-aaral na ito ay nakapokus o mas nagbibigay-importansya sa paggamit ng Ingles bilang wikang panturo at wikang ginagamit sa komunikasyon dahil ang wikang Ingles ay itinuturing na wika ng globalisasyon. Mula pagkasilang ng isang indibidwal ay may halong Ingles na rin ang diyalekto na siyang karaniwang ginagamit ng mga magulang sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak. Sa ganitong sitwasyon ay hindi kaagad nahahasa ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, kasama na ang pagkahasa ng bokabularyo, hindi katulad ng diyalekto o ng wikang Ingles na siyang naririnig ng mga mag-aaral sa kapaligiran na kanyang kinalakihan.

Kasalungat naman ito ng resultang lumabas sa pag-aaral na isinagawa nina Schwab at Lew-Williams (2016) na ang mga magulang na may mataas na pinag-aralan o yaong mga nakapagtapos ng kolehiyo o maging ang mga magulang na propesyonal ay nagagawang makatulong sa pagpapaunlad ng bokabularyo ng kanilang mga anak kaysa mga magulang na kabilang sa mga may mababang antas ng pinag-aralan na madalas ay kabilang din sa mga uri ng manggagawa na kadalasan ay wala o kulang ang oras sa pagsubaybay sa akademikong pag-unlad ng kanilang mga anak.

**Talahanayan 6**
Pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Erya ng Pagkilala ng Idyoma kapag Pinangkat at Pinaghambing Ayon sa mga Baryabol

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean Rank** | **Mann-Whitney U** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kasarian | Lalaki | 86 | 132.56 | 5413.000 | 0.024 | 0.05 | Makabuluhan |
| | Babae | 152 | 112.11 | | | | |
| Track | Academic | 180 | 113.01 | 4052.000 | 0.009 | | Makabuluhan |
| | TVL | 58 | 139.64 | | | | |
| Kabuuang Buwanang Kita ng mga Magulang | Mababa | 110 | 132.03 | 5661.5 | 0.008 | | Makabuluhan |
| | Mataas | 128 | 108.73 | | | | |
| Pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga Magulang | Mababa | 81 | 130.99 | 5428.000 | 0.058 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 157 | 113.57 | | | | |

Ipinakikita sa resulta ng pag-aaral ng makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Idyomatikong Pahayag sa erya ng pagkilala ng idyoma, kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol, na mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa nakalkulang *p-value* na 0.024 sa kasarian, 0.009 sa track, at 0.008 sa kabuuang buwanang kita ng mga magulang na nagpapakita na ang mga *p-value* na nakasaad ay mas mababa sa nakalkulang antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Samakatuwid, ang *null hypothesis* o walang bisang teorya*,* na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol ng kasarian, track, at kabuuang buwanang kita ng mga magulang, ay itinatanggi. Gayunpaman, nang pinangkat ang mga tagatugon ayon sa baryabol na pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ang nakalkulang *p-value* ay 0.058 na nagpapakitang mas mataas ito sa nakalkulang antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang *null hypothesis*, na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol na pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ay tinatanggap.

May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng idyoma ayon sa kasarian. Parehong nakararanas ng kahirapan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng idyoma anuman ang kasarian nito ngunit ang paraan ng pagkatuto ng mga kalalakihan at mga kababaihan ay sadyang magkaiba. Kadalasan na hindi agad natutukoy ng mga kalalakihan kung ang isang pahayag ay may iba pang kahulugan o may itinatago pang mas malalim na kahulugan. Ang mga kababaihan naman ay kadalasang mas sensitibo sa paghihinuha ng mga nakatagong kahulugan sa mga pahayag na kanilang naririnig o nababasa.

Nabanggit ni Adani (2019) sa kanilang pag-aaral na sa nakalipas na mga panahon, maraming mga pag-aaral ang nagpapakita na mas lamang ang mga kababaihan kaysa mga kalalakihan pagdating sa pagpapaunlad ng kakayahang panglinggwistiko ng pangalawang wika. Iminumungkahi ng mga pag-aaral na ang mga pagkakaiba sa kasarian sa komunikasyon ng tao at mga kasanayan sa wika ay maaaring magresulta mula sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga kalalakihan at babae sa mga sosyal na pag-uugali na pangunahing nakaugat sa kanilang biyolohikal at ebolusyonaryong namamana.

Ipinakikita rin ng talahanayan sa itaas na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan sa pagtukoy ng idyoma ayon sa baryabol ng *track*. Masasabing mas nahihirapan sa erya na ito ang mga mag-aaral na kabilang sa *TVL Track* dahil nang sila ay tumuntong sa *senior high school* ay mas nakatutok na sila sa pagpapaunlad ng kanilang mga kasanayan na may kinalaman sa praktikal at teknikal na aplikasyon ng mga kasanayan na kanilang natutunan, hindi tulad ng mga mag-aaral na kabilang sa *Academic Track* na mas lantad sa halos lahat ng uri ng babasahin. At bilang resulta, ang mga mag-aaral sa TVL ay hindi na gaanong nalalantad sa mga pagkakataon na mas matuto ng mga bagong bokabularyo sa erya ng mga talinghaga.

Ayon sa pag-aaral ni Pilar (2017), ang mga mag-aaral sa TVL ay mas nakatuon sa kasanayang praktikal. Ang pagbabasa ay isang multidimensional na proseso na hindi lamang pagiging matatas sa isang wika ang hinahasa kung hindi pati na rin ang pagkilala ng mga salita. Kung hindi mahahasa at maaabot ang pinakamataas na antas ng kasanayan ay hindi nila magagawang mahulaan ang mga susunod na maaaring mangyari at hindi rin nila magagawang iugnay ang kanilang nabasa sa kanilang dating kaalaman.

May makabuluhang pagkakaiba rin ang resulta ng antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng idyoma sa baryabol na kabuuang buwanang kita ng mga magulang na nagpapahiwatig na ang mga magulang na may mababang buwanang kita ay nagkakaroon ng pagkukulang pagdating sa pagbibigay-suporta tulad pagbili ng iba pang babasahin bilang karagdagang materyales na makapagpapaunlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral.

May kasabihan na ang kahirapan ay hindi hadlang upang makamit ang minimithing pangarap, ngunit, sa pag-aaral na ginawa ni Zhou (2020), napakita na ang mga mag-aaral na kabilang sa mga pamilyang kapos-palad sa buhay ay kakikitaan ng malaking agwat sa kanilang antas ng pagkatuto sa mga pamilyang nakaaangat sa buhay. Ang mga mag-aaral na kabilang sa pamilyang may mataas na buwanang kita ay mataas ang posibilidad at pagkakataon na makakuha ng mataas na antas ng kasanayan sa pagkatuto ng pangalawang wika, samantalang ang mga mag-aaral na kabilang naman sa may mababang buwanang kita ay mas mababa rin ang pagkakataon na makakuha ng mataas na antas sa kasanayan ng pagkatuto ng pangalawang wika. Makikita rito na ang kakayahan na magbigay ng sapat na suporta para sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay gumaganap ng isang mahalagang papel.

**Talahanayan 7**
Pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan nga mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Erya ng Pagpapakahulugan ng Idyoma kapag Pinangkat at Pinaghambing Ayon sa mga Baryabol

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean Rank** | **Mann-Whitney U** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kasarian** | Lalaki | 86 | 136.07 | 5111.000 | 0.005 | 0.05 | Makabuluhan |
| | Babae | 152 | 110.13 | | | | |
| **Track** | Academic | 180 | 111.89 | 3850.000 | 0.002 | | Makabuluhan |
| | TVL | 58 | 143.12 | | | | |
| **Kabuuang Buwanang Kita ng mga Magulang** | Mababa | 110 | 124.08 | 6536 | 0.335 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 128 | 115.56 | | | | |
| **Pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga Magulang** | Mababa | 81 | 117.54 | 6199.500 | 0.749 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 157 | 120.51 | | | | |

Sa Talahanayan 7 naman makikita ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Idyomatikong Pahayag sa erya ng pagpapakahulugan ng idyoma, kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol, na mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa nakalkulang *p-value* na 0.005 sa kasarian, at 0.002 sa *track*. Ang mga nakasaad na *p-value* ay mas mababa sa nakalkulang antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Samakatuwid, ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol ng kasarian at *track*, ay itinatanggi. Gayunpaman, nang pinangkat ang mga tagatugon ayon sa baryabol na kabuuang buwanang kita ng mga magulang at pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ang nakalkulang *p-value* ay 0.335 at 0.749, ayon sa pagkakabanggit, na nagpapakitang mas mataas ang mga ito sa antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang *null hypothesis*, na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa mga baryabol na

kabuuang buwanang kita ng mga magulang at pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ay tinatanggap.

Ipinahihiwatig ng resulta sa Talahanayan 9 na may makabuluhang pagkakaiba pagdating sa pagpapakahulugan ng mga idyoma ayon sa kasarian. Ito ay nagpapakita ng matagal nang usapin tungkol sa pagkakaiba ng mga kalalakihan at mga kababaihan pagdating sa kasanayan ng pag-unawa. Masasabing kabilang sa mga pagkakaibang ito ang hilig o interes pagkaabalahan ng mga kalalakihan at mga kababaihan sa mga oras na hindi sila abala sa mga gawaing pampaaralan. Mas mahilig sa pagbabasa ang mga kababaihan kaya naman mas nahahasa ang kanilang kasanayan sa pag-unawa at karaniwang nang hindi nahihilig ang mga kalalakihan sa pagbabasa at mas nakatuon ang kanilang pansin sa pisikal na mga gawain katulad na lang ng isports at iba pang laro.

Ayon sa pag-aaral ni Anantasa, (2016), mas mahusay sa kasanayan ng pag-unawa ang mga kababaihan kaysa mga kalalakihan na mas malaki ang kakulangan sa kasanayang nabanggit. Ito ay nag-ugat sa kanilang hilig at interes sa gawaing pagbabasa at ang usapin sa kasanayan sa pag-unawa ay hindi lamang usapin sa iisang bansa kung hindi ganoon din sa iba pa.

Mayroon ding makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan ng idyoma ayon sa baryabol na *Track*. Makikita sa resulta na mas nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng mga idyoma ang mga mag-aaral sa *TVL Track* kung ikukumpara sa mga mag-aaral sa *Academic Track*. Masasabing mas nakatutok ang interes ng mga mag-aaral sa mga babasahin na ang pokus ay ang pagpapaunlad ng kanilang kasanayan kaugnay sa track na kanilang napili na kadalasan ay kababasahan ng mga praktikal na pagsasagawa ng iba't ibang kasanayan halimbawa nito ay ang *cookbook* para sa mga kumukuha ng *TVL Culinary Arts* at babasahin tungkol sa *mobile programming* para naman sa mga kumukuha ng *TVL I.T. in Mobile App and Web Development*, hindi tulad ng mga mag-aaral sa *Academic Track* na karaniwang nang nakatuon ang interes sa pag-unawa ng iba't ibang konsepto at pilosopiya mula sa mga paham ng nakaraan at mga dalubhasa ng kasalukuyang panahon.

Ayon kay Ammel (2021), ang kasanayan sa komprehensyon ng mga mag-aaral ay nakasalig sa kanilang interes. Ang kasanayan sa komprehensyon ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang *track* ay sadyang magkakaiba batay na rin sa kanilang pag-uugali, motibasyon, at interes sa kanilang binabasa o pinag-aaralang paksa. At bilang tugon sa resultang ito, iminungkahi ni Ammel na bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtanaw sa pangkabuuang sitwasyon. Nararapat lamang di umano na bigyang pansin ang mga bagay na napagtutuunan ng hilig o interes ng mga mag-aaral na mula sa iba't ibang *track* upang mas tumaas pa ang antas ng kanilang pag-unawa.

**Talahanayan 8**
Pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng mga Idyomatikong Pahayag sa Erya ng Paggamit ng Idyoma kapag Pinangkat at Pinaghambing Ayon sa mga Baryabol

| **Baryabol** | **Kategorya** | **N** | **Mean Rank** | **Mann-Whitney U** | **p-value** | ***Sig. level*** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kasarian** | Lalaki | 86 | 140.16 | 4759.500 | 0.000 | 0.05 | Makabuluhan |
| | Babae | 152 | 107.81 | | | | |
| **Track** | Academic | 180 | 111.83 | 3839.500 | 0.002 | | Makabuluhan |
| | TVL | 58 | 143.30 | | | | |
| **Kabuuang Buwanang Kita ng mga Magulang** | Mababa | 110 | 123.85 | 6562 | 0.36 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 128 | 115.77 | | | | |
| **Pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga Magulang** | Mababa | 81 | 110.01 | 5590.000 | 0.121 | | Hindi Makabuluhan |
| | Mataas | 157 | 124.39 | | | | |

Makikita sa Talahanayan 8 ang resulta ng makabuluhang pagkakaiba sa Antas ng Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto ng Idyomatikong Pahayag sa erya ng paggamit ng idyoma, kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol, na mayroong makabuluhang pagkakaiba batay sa nakalkulang *p-value* na 0.000 sa kasarian, at 0.002 sa *track*. Ang mga nakasaad na *p-value* ay mas mababa sa nakalkulang antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Samakatuwid, ang *null hypothesis* na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa baryabol ng kasarian, at *track*, ay itinatanggi. Gayunpaman, nang pinangkat ang mga tagatugon ayon sa baryabol na kabuuang buwanang kita ng mga magulang at pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ang nakalkulang *p-value* ay 0.36 at 0.121, ayon sa pagkakabanggit, na nagpapakitang mas mataas ang mga ito sa antas ng makabuluhang pagkakaiba na 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang *null hypothesis*, na nagsasabing walang makabuluhang pagkakaibang umiiral sa antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag kapag pinangkat at pinaghambing ayon sa mga baryabol na kabuuang buwanang kita ng mga magulang at pinakamataas na antas na pinag-aralan ng mga magulang, ay tinatanggap.

Ayon sa resulta sa Talahanayan, may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa paggamit ng idyoma ayon sa kasarian at makikitang ang mga mag-aaral na lalaki ay mas nahihirapan sa paggamit nito kaysa mga kababaihan. Masasabing ang mga kalalakihan ay mas pinipiling gumamit ng payak na mga pananalita sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa ibang tao kumpara sa mga kababaihan na mas maingat pagdating sa mga salitang kanilang ginagamit sa paglalahad ng kanilang naiisip at nararamdaman. Sa ganitong pagkakataon, mas nagagamit ng mga kababaihan ang kanilang mga natututunang idyoma sa pagbuo ng mga pahayag sa isang simpleng pakikipag-usap.

Batay sa pag-aaral nina Rabinovich at Stevenson (2020), ang pagpili ng mga idyomang ginagamit sa pagsusulat at pakikisalamuha ay sumasalamin sa ispesipikong pagkakaiba sa pagitan ng dalawang kasarian – babae at lalaki. Hindi man ganoon kalaki ang pagkakaiba ng kasanayan sa pagitan ng dalawang kasarian, hindi naman ito maikakaila. Maaaring makita ang kanilang kaibahan sa paraan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa iba. Sa mga kababaihan, kolaboratibo ang estilo ng kanilang pakikipag-ugnayan. Ginagamit nila ang mga salita, kabilang na ang mga idyoma na angkop sa sitwasyon sa paraang mararamdaman ng kanilang mga kausap na sila ay kabilang sa samahan at hindi basta-bastang kasama lamang. Samantalang sa mga kalalakihan, mapagkumpitensya at tuwiran ang kanilang paraan ng pakikipag-ugnayan sa iba. Dahil mas malayunin ang estilong ito ng pakikipag-ugnayan, mas direkta rin ang paraan ng pagasasalita rito.

Ang baryabol na *Track* ay mayroon din makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahirapan sa paggamit ng idyoma. Mas nahihirapan ang mga mag-aaral na kabilang sa *TVL Track* na gumamit ng idyoma sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha dahil ang madalas nilang pinag-aaralan sa paaralan ay ang praktikal na aplikasyon ng mga kasanayan at madalas sa hindi ay mas gumagamit sila ng literal na mga salita sa pakikisalamuha. Sa kasanayan ng pagsulat naman ay mas lantad ang mga mag-aaral ng TVL sa mga teknikal na sulatin na kadalasang naglalaman ng mga kaisipang malayunin at hindi maligoy. Gumamit man sila ng idyoma, ay yaong mga idyoma na ginagamit sa kanilang diyalekto. Ang mga mag-aaral naman sa *Academic Track* ay binibigyan ng iba't ibang gawain sa kanilang asignaturang Filipino tulad ng pagsulat ng mahahabang sanaysay na nagbibigay sa kanila ng pagkakataon upang magamit at maipakita nila ang kanilang husay sa retorika.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Arifuddin (2019) natuklasan niyang mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral na kabilang sa Hospitality at Tourism. Hindi naisasama ang idyomatikong pahayag sa mga itinuturo sa kanilang kurso at hindi pamilyar ang mga tagatugon sa iba't ibang mahusay na pamamaraan at kagamitan na maaaring gamitin sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag. Samakatuwid, ang paraan ng pagtuturo at kagamitang pampagtuturo na gagamitin sa pag-abot ng nakatalagang kasanayang pangnilalaman ay dapat na payabungin upang maabot ang mas mataas na antas ng kasanayan.

## Kongklusyon

Batay sa natuklasan, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng sumusunod na kongklusyon: Ayon sa naging kabuuang resulta, ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagkilala ng idyomatikong pahayag ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng kahirapan sa paggamit ng iba't ibang idyoma. Batay sa resulta ng komparatibong pagsusuri, napatunayan ang resulta ng iba pang mga mananaliksik na mayroong biolohikal na pagkakaiba ang mga kababaihan at lalaki maging sa pagkatuto ng wika. Mas nakararanas ng kahirapan sa pagkatuto ng pangalawang wika ang mga kalalakihan kaysa mga kababaihan at makikita ito sa mean iskor na nakuha ng mga kalalakihan. May epekto rin sa antas ng kahirapan ang interes ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na mas nakatuon ang pokus sa mga teknikal at praktikal na babasahin ay mas nahihirapan sa pagkilala ng mga idyoma na isang uri talinghaga at karaniwang mababasa sa mga babasahing katulad ng tula, kuwento, nobela, at iba pa. Ikinagagalak ng mga mananaliksik na ilahad sa kinauukulan ang sumusunod na mga rekomendasyon batay sa naging kinalabasan ng pag-aaral. Nararapat na maipabatid sa mga kinauukulan (mga Opisyales ng Department of Education, Punong Guro ng Senior High School, at Program Head at mga guro sa asignaturang Filipino) ang resulta ng pananaliksik na ito upang matugunan nang wasto at mabigyan ng nararapat na solusyon ang mga nakitang kahinaan sa pagkatuto ng idyomatikong pahayag ng mga mag-aaral lalo na sa erya ng paggamit ng idyoma.

## Pasasalamat

Ipinararating ng mga mananaliksik ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng taong walang sawang nagbigay ng tulong at suporta upang makumpleto ang pananaliksik na ito. Ang bawat isa ay itinuturing bahagi ng tagumpay na ito.

## Bibliograpiya

Ackerman, C. (2021). Positive Emotions: A List of 26 Examples & Definition in Psychology. *PositivePsychology.com*. https://positivepsychology.com/positive-emotions-list-examples-definition-psychology/

Adani, S., & Cepanec, M. (2019). Sex Differences in Early Communication Development: Behavioral and Neurobiological Indicators of More Vulnerable Communication System Development in Boys. *Croatian Medical Journal*, Vol. 60 Issue No. 2, pp. 141–149. https://doi.org/10.3325/cmj.2019.60.141.

Ahmadi, A. (2019). A Thematic Corpus-Based Study of Idioms in the Corpus of Contemporary American English. *Asian. J. Second. Foreign. Lang. Educ. Vol.* 4 Issue No. 11. https://doi.org/10.1186/s40862-019-0076-4

Alhaysony, M. H. (2017). Strategies and Difficulties of Understanding English Idioms: A Case Study of Saudi University EFL Students. *International Journal of English Linguistics.* Vol. 7 Issue No. 3. http://dx.doi.org/10.5539/ijel.v7n3p70

Al-Houti, S. K. and Aldaihani, S. M. (2018). Letting the Cat out of the Bag: EFL College Students' Attitude towards Learning English Idioms. *International Journal of Higher Education, Vol.7* (1). http://ijhe.sciedupress.com

Alvarado, E. T. and Bacalla, L. A. (2018). Pagdalumat sa Pagpaplanong Pangwika ng Pamantasang Normal ng Cebu. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Vol. 2* (12), 81-89. http://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2018/12/L182128189.pdf

American Psychology Association (2022). https://dictionary.apa.org/identification-test

Angel, D. J. R. (2019). Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Vol. 3* (9), 181-187. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2019/09/V939181187.pdf

Anggara, B, Priatna, N., & Juandi, D. (2018). Learning Difficulties of Senior High School Students Based on Probability Understanding Levels. *Journal of Physics*: Conf. Series. 1013 012116.

Anilkumar, A. (2022). The Most Effective Teaching Strategies to Use In Your School: Evidence Based And Proven To Work. *Third Space Learning*. https://thirdspacelearning.com/blog/teaching-strategies/

Aptitude-test.com. (2022). https://www.aptitude-test.com/reading-comprehension.html

Arifuddin, A., Made S. & Apgriyanto, K. (2020). The Mastery of and Strategies for Understanding the Idiomatic Expressions Applied by the Students of Hospitality and Tourism. *Journal of Hospitality & Tourism Education*. Vol. 32 Issue No. 3, pp. 167-177. DOI: 10.1080/10963758.2019.1685392

Babbie, E. R. (2007). The Practice of Social Research. *USC Libraries.* https://libguides.usc.edu/writingguide

Bartlett, J. II, Kotrlik, J. W., Higgins, C.C. (2001). Organizational Research: Determining Appropriate Sample Size in Survey Research. http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.486.8295&rep=rep1&type=pdf

Black, K. (2010). Business Statistics: Contemporary Decision Making. https://www.academia.edu/34865668/Business_Statistics_Contemporary_Decision_Making

Blaettler, K. G. (2020). How to Find the Mean, Median, Mode, Range, and Standard Deviation. *Sciencing.com*. https://sciencing.com/median-mode-range-standard-deviation-4599485.html

Blinova, O. (2021) Teaching Idioms in English as a Second Language: An Analysis of Issues and Solutions. *ResearchGate*. https://www.researchgate.net/publication/350207813_Teaching_idioms_in_English_as_a_second_language_an_analysis_of_issues_and_solutions.

Bolarinwa, O. A. (2015). Principles and Methods of Validity and Reliability Testing of Questionnaires Used in Social and Health Science Research. Nigerian Postgraduate Medical Journal, Vol. 22 *(4), 195-201*. https://www.npmj.org/article.asp?issn=1117-1936;year=2015;volume=22;issue=4;spage=195;epage=201;aulast=

Buthmann, A. (2022). Making Sense of Mann-Whitney Test for Median Comparison. https://www.isixsigma.com/tools-templates/hypothesis-testing/making-sense-mann-whitney-test-median-comparison/

Canale, M. & Swain, M. (1980). Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing. *Applied Linguistics. Vol.* 1 Issue No. 1, p. 1-47.

Cantrell, J. P. (2015). Conquering the Challenges of English Communicative Competence with the Aid of Idiomatic Expressions. p. 148. https://rpo.ua.edu.ph/wp-content/uploads/2020/08/Summit-2015-4.-Jovelyn-Cantrell-147-181.pdf

Collins Dictionary (2022). https://www.collinsdictionary.com/dictionary/english/word-usage

Comoda, A. (2016). Ang Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Pangangalakal sa Bukidnon State University sa Pag-aaal ng mga Matatalinghagang Salita. https://www.academia.edu/42347611/Ang_Antas_ng_Pagkatuto_ng_mga_Mag_aaral_sa_Kolehiyo_ng_Pangangalakal_sa_Bukidnon_State_University_sa_Pag_aaral_ng_mga_Matatalinghagang_Salita

Datt, S. and Chetty, P. (2016). How to Measure the Reliability of Questionnaires. *Project Guru.* https://www.projectguru.in/measuring-reliability-questionnaires/

Ethridge, D.E. (2004). Research Methodology in Applied Economics. *Business Research Methodology.* https://research-methodology.net/descriptive-research/

Formoso, Chelo B. (2016). SHS Tracks Offer Career Paths to Students. *Inquirer.Net*. https://newsinfo.inquirer.net/782629/shs-tracks-offer-career-paths-to-students#ixzz7WMDGE3HV

Galantomos, I. (2021). L2 Figurative Language Teaching Theory and Practices. https://www.cambridgescholars.com/resources/pdfs/978-1-5275-7385-7-sample.pdf

Havighurst, Robert J. (2022). Functions and Roles of Teachers. *Britannica Encyclopedia*. https://www.britannica.com/topic/teaching/Teachers-unions-and-teachers-associations

Hawkins, M. W. (2018). Self-Directed Learning as Related to Learning Strategies, Self-Regulation, and Autonomy in an English Language. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1183993.pdf

Hayes, A. (2021, March 30). Simple Random Sample Definition. *Investopedia.com*. https://www.investopedia.com/terms/s/simple-random-sample.asp

Hinkel, E. (2017). Teaching Idiomatic Expressions and Phrases: Insights and Techniques. *Iranian Journal of Language Teaching Research, Vol. 5* (3), 46. http://ijltr.urmia.ac.ir.

Kim Van Ammel. Skill or Will? The Respective Contribution of Motivational and Behavioural Characteristics to Secondary School Students' Reading Comprehension. *Journal of Research in Reading.* Volume 44 Issue No. 3, p. 574-596. https://doi.org/10.1111/1467-9817.12356

Lavrakas, P. J. (2008). Percentage Frequency Distribution. *Encyclopedia of Survey Research Methods*. https://methods.sagepub.com/reference/encyclopedia-of-survey-research-methods/n372.xml

Law Insider (2022). https://www.lawinsider.com/dictionary/school-of-origin

Logsdon, A. (2021). What is Reading Comprehension Disorder. *Verywellfamily.com.* https://www.verywellfamily.com/learning-disability-in-reading-comprehension-2162449

Lu, Qun-hua. (2016). A Preliminary Study of Vocational College Students' English Idioms' Learning Through Translation. *Sino-US English Teaching*. Vol. 13 Issue No. 11, pp. 869-879. doi:10.17265/1539-8072/2016.11.006

Newman, T. (2021). Sex and Gender: What is the Difference? . *Medical News Today*. https://www.medicalnewstoday.com/articles/232363

OECD Glossary of Statistical Terms (2003). Educational Attainment Definition. https://https://stats.oecd.org/glossary/detail.asp?ID=742.

Pilar, John Gerald A. (2017). Technical-Vocational Student's Reading Competence and Technical Skills in Iloilo City, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research.* Vol. 5 Issue No. 2.

Pishkar, K. (2017). An Investigation into the Relationship Between Kolb's Learning Styles and Learning Idioms among Iranian ELT Students Seyede Elahe Majd. *Journal of Applied Linguistics and Language Research. Vol.* 4 Issue No. 1, pp. 213-225. https://www.researchgate.net/publication/312778319_An_Investigation_into_the_Relationship_between_Kolb's_Learning_Styles_and_Learning_Idioms_among_Iranian_ELT_Students_Seyede_Elahe_Majd

Pucelv, M. (2018). Attitudes Towards Idioms and Idiom Learning Strategies. *https://zir.nsk.hr/islandora/object/ffos%3A4212/datastream/PDF/view*

Rabinovich, E., Gonen, H., & Stevenson, S. (2020). Investigation of Gender Differences in Idiomatic Language Usage. https://aclanthology.org/2020.coling-main.454.pdf. P. 5.

Rizq, Weam Mansoor (2015) "Teaching English Idioms to L2 Learners: ESL Teachers' Perspective. https://repository.stcloudstate.edu/engl_etds/19

Royo, J. L. (2019). Matalinghagang Pananalita o Idyoma. *Sinag sa Ika-21 Siglo*, 189-191.

Saunders, M., Lewis, P. & Thornhill, A. (2012). *Research Methods for Business Students*. 6th edition Pearson Education Limited, p. 288.

Schütz, R. E. (2019). Stephen Krashen's Theory of Second Language Acquisition. *English Made in Brazil.* https://www.sk.com.br/sk-krash-english.html

Scott, M. P. (2021). Household Income. *Investopedia.com*. https://www.investopedia.com/terms/h/household_income.asp

Sicam, F. P. M. and Lucas, R. I. G. (2016). Language Attitudes of Adolescent Filipino Bilingual Learners Towards English and Filipino. *Asian Englishers, Vol. 18* (2), 109-128. https://www.tandfonline.com/action/showCitFormats?doi=10.1080%2F13488678.2016.1179474

Sprenger, Simone A., Amélie la Roi1 and Jacolien van Rij2 (019). "The Development of Idiom Knowledge Across the Lifespan". Front. Commun., 05 July 2019. https://doi.org/10.3389/fcomm.2019.00029

Stangroom, J. (2018). Chi-Square Test Calculator. *Social Science Statistics*. https://www.socscistatistics.com/tests/chisquare2/default2.aspx

Thyab, R. A. (2016). The Necessity of Idiomatic Expressions to English Language Learners. *International Journal of English and Literature, Vol. 7* (7), 106-111. http://www.academicjournals.org/IJEL

Truya, R. D. (2020). Pagkatuto ng Filipino ng mga Mag-aaral na Di-Tagalog. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 8* (2), 100-107.http://www.apjmr.com/wpcontent/uploads/2020/05/Lumina-2020.15.pdf

UNESCO (2017). Learning and Teaching Materials. http://learningportal.iiep.unesco.org/en/issue-briefs/improve-learning/learning-and-teaching-materials

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY, AND EXCELLENCE (IMJRISE)
https://risejournals.org/index.php/imjrise
**Volume 1, Issue no. 6 (2024)**
*ISSN: 3028-032X (online) | ISSN: 3028-0370 (print)*



Victoria State Government: Education and Training (2018). Learning Difficulties. https://www.education.vic.gov.au/school/teachers/teachingresources/discipline/english/reading/Pages/learningdifficulties.aspx

Zafra, G. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan: Journal Ng Mga Ng Mga Pag-Aaral Sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, Vol. 1 (*1), 4–28. https://doi.org/10.13185/KAT2016.00102